8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 2: Linggo 7**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**
- Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

ARALING PANLIPUNAN / IKALAWANG KUWARTER / BAITANG 8


| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang naging tugon ng ilang bansa sa Asya, Africa at Latin America sa imperyalismong Europeo.<br>1.Naiisa-isa ang mga pangyayari naganap na Meiji Rstoration, Himagsikan sa South America at ang Back to Africa Movement.<br>2.Nasusuri ang mga naging epekto ng mga naging tugon ng Japan,South America at Africa sa pananakop ng mga Europeo.<br>3.Nabibigyang halaga ang mga ginawa ng mga nasyonalista sa pagkamit ng kalayaan ng kanilang bansa. |
| **C. Nilalaman** | Paglaganap ng Nasyonalismo sa Asya at Amerika<br>1.Modernisasyon ng Japan (Meiji Restoration)<br>2. Himagsikan sa South America (Simon Bolivar)<br>3.Back-to-Africa Movement |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa (Culture, Identity, and Nationhood) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| *History of Latin America \| Meaning, Countries, Map, & Facts.* (2024, April 25). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/place/Latin-America/The-independence-of-Latin-America<br>Masur, G. S. (2024, April 18). *Simon Bolivar \| Accomplishments, Death, Route, Revolution, Biography, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Simon-Bolivar |

*What role did Simón Bolívar play in the Latin American independence movement?* (n.d.). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/question/What-role-did-Simon-Bolivar-play-in-the-Latin-American-independence-movement
*Why was the Meiji Restoration important?* (n.d.). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/question/Why-was-the-Meiji-Restoration-important
*Meiji Restoration | Summary, Effects, Social Changes, Significance, End, & Facts*. (2024, April 17). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Meiji-Restoration
Kuryla, P. (2024, April 25). *Pan-Africanism | History, Achievements, & Facts.* Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/Pan-Africanism
Landrigan, L., & Landrigan, L. (2022, April 15). *Paul Cuffe and the Back-to-Africa Movement.* New England Historical Society. https://newenglandhistoricalsociety.com/paul-cuffe-back-africa-movement/
*Paul Cuffe | American Ship Owner, Merchant & Pan-Africanist.* (2014, April 29). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Paul-Cuffe
Minster, C. (2019, May 25). *Biography of Simon Bolivar, 'Liberator of South America'* ThoughtCo. https://www.thoughtco.com/biography-of-simon-bolivar-2136407
Kuryla, P. (2024, April 25). *Pan-Africanism | History, Achievements, & Facts.* Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/Pan-Africanism


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral (FILL THE MISSING LETTERS)**<br>Ang mga mag-aaral ay maglalagay ng nawawalang letra upang mabuo ang konsepto.<br>**N__S__O__N E__T__D__**<br>1.Ito ay tumutukoy sa isang estado na pinanahanan ng mamamayan na may magkakatulad na wika,kultura,relihiyon at kasaysayan.<br><br>**B__U__G__O__S__E**<br>2. Ito ang tawag sa pangkat na nakatulong paglakas ng kapangyarihan ng mga Hari sa Europa.<br><br>**M__N__R__I__A**<br>3.Ito ang tawag sa uri ng pamahalaan na umiral sa Europa na kung saan ang pinakamataas na pinuno ang ang hari o reyna. | Sagot<br>1.Nasyon-Estado<br>2.Bourgeoisie<br>3.Monarkiya<br>4.Louis XVI<br>5. Reign of Terror |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>__O__I__ X__I<br>4.Siya ang haring Bourbon na namuno sa France simula noong 1789.<br><br>R__I__N O__ T__R__O__<br>5.Ito ang tawag sa pangyayari sa France na kung saan marami ang pinatay sa pamamagitan ng guillotine.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (ANONG DADALHIN KO?)<br>Noong nakaraan aralin ay naintindihan natin ang epekto ng French Revolution hindi lamang sa France kung hindi sa iba pang bahagi ng daigdig. Sa gawain na ito aalamin ng mga mag-aaral ang naging kahalagahan ng nasyonalismo.<br>Ang mga mag-aaral ay iisipin na sila ay babalik sa nakaraan, kung saan ay karamihan sa mga bansa ay sakop ng mga Imperyalistang Europeo na nakakaranas ng mga iba't ibang uri ng pang-aabuso.<br>Ngunit pinayagan lang ang mga mag-aaral na magdala ng isang gamit na maari nila magamit sa pagbalik sa nakaraan. Pipili ang mga mag-aaral ng isang gamit na maari nila dalhin at ipapaliwanag nila sa klase kung bakit nila ito dadalhin.<br><br>
<table>
<tr><td><br>Lapis</td><td><br>Baril</td><td><br>Camera</td></tr>
</table>
<br>Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (MIX AND MATCH)<br>Ang mga mag-aaral ay hahanapin ang mga salitang tinutukoy ng bawat pahayag na nasa kahon.<br><br>
<table>
<tr><td>Nasyonalismo</td><td>Creole</td><td>Meiji</td></tr>
<tr><td>Modernisasyon</td><td>Kolonya</td><td>Indio</td></tr>
</table>
<br>____________1. Tawag sa isang lugar na direktang nasa ilalim ng Kolonyalismo.<br>____________2. Nangangahulugang “pagbabago”.<br>____________3. Masidhing pagmamahal sa bayan.</td>
<td>Maari magkakaiba ang sagot ng mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa.<br>Mahalaga na iugnay ang gawain na ito sa pagnanais ng kalayaan at ang kahalagahan ng masidhing pagmamahal sa bayan para makamit ang mga karapatan.<br><br>Sagot:<br>1. Kolonya<br>2. Meiji<br>3. Nasyonalismo</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ______________4. Tumutukoy sa pagbabagong anyo mula sa isang tradisyunal at rural na lipunan sa isang pang-industriyang lipunan.<br>______________5. Isang tao na pinanganak sa Latin Amerika ngunit ang mga magulang ay Europeo | 4. Modernisasyon<br>5. Creole |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa #1 (MEIJI RESTORATION)**<br>**Pagproseso ng Pag unawa (GRAPHIC ORGANIZER)**<br><br>Ang mga mag-aaral ay papanoorin ang isang video tungkol sa Meiji Restoration. Matapos ay iproproseso nila ito sa pamamagitan ng paggawa ng isang "graphic organizer"<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=XZmTHS91Ifo<br><br>Matapos ay hahatiin ang klase sa limang pangkat para iproseso ang napanood na video gamit ang inihandang "graphic organizer"<br> | Maari magkakaiba ang sagot ng mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa. Gamitin ang graphic organizer para mapaalim ang talakayan. Panoorin muna ang video na ito para magkaroon ng karagdagang kaalaman sa Meiji Restoration.<br><br>Sanggunian:<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=Nosq94oCl_M |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay (WHAT HAPPENED IN MEIJI?)**<br><br>Ang mga mag-aaral ay i-grugrupo ang mga sumusunod na salita kung ito ba ay naganap sa panahon ng Meiji o hindi.<br><br>Pagbubuo ng Konstitusyon \| Pamamahala ng shogun \| Paghalal ng Prime Minister<br>Pagsasara ng Japan \| Modernisasyon \| Imperyalismo<br>Meiji Era \| Not Meiji Era<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay (1 MINUTE DEBATE)**<br>Ngayon ay naunawaan na ng mga mag-aaral kung paano nabago at naging isang maunlad na “nation-state” ang Japan sa pamamagitan ng “Meiji Restoration”. Magsasagawa ang mga mag-aaral ng isang debate kung ***nakatulong ba ang nasyonalismo sa Japan para maging maunlad o naging daan lamang ito para maging isang imperyalistang bansa ito na mananakop*** ng mga mahihinang bansa tulad ng ginagawa ng ilang bansa sa Europa.<br>Bibigyan lamang ng isang minuto ang bawat mag-aaral para ipaliwanag at depenahan ang kanilang sagot. Matapos ay iproproseso ng guro ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA #2 (HIMAGSIKAN SA SOUTH AMERICA)**<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa (SURI-VIDEO)**<br><br>Sa bahagi ng gawain na ito, panonoorin ng mga mag-aaral ang video tungkol sa mga himagsikan na naganap sa South America. | Sagot:<br>Meiji Era:<br>● Pagbubuo ng Konstitusyon<br>● Modernisasyon<br>● Paghalal ng Prime Minister<br>● Imperyalismo<br><br>Not Meiji Era:<br>● Pagsasara ng Japan<br>● Pamamahala ng Shogun<br><br>Maari magkakaiba ang sagot ng mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa. Ngunit mahalaga maunawaan na hindi mabuti ang dulot ng imperyalismo. Maari dahil sa pagmamahal ng mga hapones sa kanilang bansa ninais nila ito maging makapangyarihan ngunit kailanman hindi dahilan ang manakop ng lupain para maging makapangyarihan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=ZBw35Ze3bg8<br><br>Matapos ay magkakaroon ng malayang talakayan batay sa video gamit ang mga sumusunod na pangprosesong katanungan:<br>1. Paano nakaapekto ang antas ng lipunan sa pagnanais ng kalayaan ng mga bansa sa South America?<br>2. Ano ang mga mahahalagang kaganapan na pinaliwanag sa video na naging daan sa paglaya ng mga bansa sa South America sa kamay ng mga Europeo?<br>3. Ano ang mga naging paraan ng mga bansa sa South America para makamit ang ninanais na kalayaan?<br>4. Paano hindi naging patas ang himagsikan sa mga kababaihan sa kabila ng tagumpay nito?<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay (THE WHO?)**<br>Ang mga mag-aaral ay huhulaan ang mga sumusunod batay sa ibinigay na clues.<br>_______________1. Emperador ng France na nagnanais na masakop din ang South America sa pamamagitan ng paglagay sa kanyang kapatid para mamahala.<br>_______________2. Heneral na nanguna sa himagsikan para mapalaya ang Venezuela<br>______________3. Madre na nagsulat ng mga dula at tula ngunit hindi nabigyan ng pagkakataon na makilala dahil siya ay babae<br>______________4. Mga tao na pinanganganak sa Europa na may dugong Europeo<br>______________5. Mga tao na pinaganak sa South Amerika ngunit may dugong Europeo.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay (SUSI SA KALAYAAN, PAGKAKAISA)**<br><br>Matapos talakayin ang mga himagsikan sa South America, Nakita na ang susi para sila ay lumaya sa kamay ng mananakop ay pagkakaisa. Pinakita ni Simon Bolivar na kailangan magkaroon ng pagkakatulad ang bawat isa para magkasundo sa iisang layunin.<br>Sa gawain na ito, ay itatala ng mga mag-aaral ang 5 paraan kung paano natin makakamit ang pagkakaisa sa kabila ng ating pagkakaiba-iba. | Maari magkakaiba ang sagot ng mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa.<br>Magsagawa ng malayang talakayan para mapalalim ang pag-unawa sa mga himagsikan sa South America.<br><br>Sagot:<br>1. Napoleon Bonaparte<br>2. Simon Bolivar<br>3. Sor Juana Ines Dela Cruz<br>4. Peninsulares<br>5. Creole |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
5 PARAAN PARA SA UNITY<br>
1. ______________________________<br>
2______________________________<br>
3. ______________________________<br>
4. ______________________________<br>
5. ______________________________<br>
<br>
Ibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot. Iproproseso naman ito ng guro sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga “follow-up questions”<br>
<br>
KAUGNAY NA PAKSA #3 (BACK TO AFRICA MOVEMENT)<br>
Pagproseso ng Pag-unawa (SURI-VIDEO)<br>
Sa bahagi ng aralin na ito, tatalakayin sa klase ang lahi na madalas nakakaranas ng matinding discriminasyon at paano ang kanilang pakikipaglaban para makamit ang kanilang karapatan. Ipapanood sa klase ang isang video tungkol kay Marcus Garvey at ang kanyang ideya ng Back to Africa Movement.<br>
<br>
Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=Z7EvBgb_RoI<br>
<br>
Matapos ay gamit ang inihandang “graphic organizer ay iproproseso ang mga mahahalagang konsepto ng “Back to Africa Movement”. Magkaroon ng malayang talakayan sa pamamagitan ng pagproseso sa mga kasagutan ng mga mag-aaral.<br>


</td>
<td>
Maari magkakaiba ang sagot ng mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa. Magsagawa ng malayang talakayan para mapalalim ang gawaing ito.<br>
<br>
Maari magkakaiba ang sagot ng mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa. Palalimin ang talakayan sa pamamagitan ng inihandang graphic organizer. Maari panoorin ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa Marcus Garvey.<br>
<br>
Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=vrNCMSODtyw
</td>
</tr>
</table>

**IKAAPAT NA ARAW**

**Pinatnubayang Pagsasanay (PERSONALITY PROFILE)**

Ang mga mag-aaral ay pupunan ng mga datos ang hinihingi ng tsart.

| | Pangalan | Pinagmulan | Kinalaman sa Back to Africa Movement |
|---|---|---|---|
|  | | | |

Sagot:
Pangalan: Marcus Garvey
Pinagmulan: Jamaica
Kinalaman: Itinatag ang UNIA kung saan naglalayon na ipaglaban ang kanilang karapatan at pagnanais na makabalik sa Africa bilang ito ang kanilang pinagmulan

**Paglalapat at Pag-uugnay (CALL FOR ACTION)**

Hindi man naging matagumpay si Marcus Garvey na makabalik sa Africa at makapagtatag ng isang nasyon ng may African descent, ang kanyang ginawa ay naging inspirasyon sa nakakarami na ipaglaban ang karapatan ng mga Aprikano o ang tinatawag na “Black Nationalism”

Ang mga mag-aaral ay bubuo ng isang slogan tungkol sa pagtuligsa sa diskriminasyon (racism). Ibabahagi ito sa klase sa pamamagitan ng pagpaskil ng kanilang ginawa.

Maari magkakaiba ang sagot ng mag-aaral batay sa kanilang pag-unawa.

**D. Paglalahat**

**Pabaong Pagkatuto (IBUOD KO!)**

Ang mga mag-aaral ay dudugtungan ang mga pangungusap upang mabuo ang konsepto tungkol sa paksang tinalakay. Iproseso ng guro sa pamamagitan ng malayang talakayan



Sa araling Pagsibol ng Nasyonalismo nalaman ko na.... ____________________

Isa itong mahalagang kaisipan sapagkat... ____________________

Maraming paraan upang maipakita ang pagmamahal sa bayan isa dito ____________________

Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral. Iproseso ng guro ang kasagutan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong.

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagninilay sa Pagkatuto (VALUES NITO?)**<br>Magtatanong ang guro sa klase kung ano mga kaasalan (values) ang mapupulot sa aralin na ito. Kinakailangan mag-usap ang klase para bumuo ng tatlong values. Matapos ay ipaliwanag kung bakit ang mga kaasalan na ito ang kanilang makukuha sa aralin<br><br>**1.**__________________ **2.** ____________________ **3.** __________________________ | Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral. Iproseso ng guro ang kasagutan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

**A. Pagtataya**

**Pagsusulit (POSTER MAKING)**

**Ang mga mag-aaral ay guguhit ng isang larawan na nagpapakita kung paano bibigyang halaga ang ginawa ng ating mga bayani sa pagkamit ng ating tinatamasang kalayaan. Mamarkahan ang gawa nila batay sa mga sumusunod na pamantayan.**

*Mga Tala sa Guro:* Maari ipagawa ito bilang takdang aralin. Ipaliwanag mabuti ang mga pamantayan.

**RUBRICS PARA SA PAGGAWA NG POSTER**

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | 2 |
|---|---|---|---|---|
| **Kaangkupan sa paksa** | Napaka-angkop sa paksa ang ginawang poster. | Angkop sa paksa ang ilang bahagi sa ginawang poster. | Hindi gaanong angkop sa paksa ang ginawang poster. | Hindi angkop sa paksa ang ginawang poster. |
| **Pagkamalikhain** | Lubusang nagpamalas ng pagigng malikhain sa paggawa ng poster. | Naging malikhain sa paggawa ng poster. | Hindi gaanong nagpakita ng pagkamalikhain sa paggawa ng poster. | Hindi nagpakita ng pagkamalikhain sa paggawa ng poster. |
| **Presentasyon** | Lubusang malinaw ang intension o detalyeng ipinahahayag ng poster. | Naging malinaw ang intension o detalyeng ipinahahayag ng poster. | Hindi gaanong malinaw ang intensyon o detalyeng ipinahahayag ng poster. | Hindi malinaw ang intension o detalyeng ipinahahayag ng poster. |
| **Kalinisan at Kaayusan** | Napakalinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. | Naging malinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. | Hindi gaanong malinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. | Hindi malinis at maayos ang pagkakagawa ng poster. |
| **Kabuuang Puntos** | **30** | | | |

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |

*Mga Tala sa Guro:* *Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | *kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |